

Mga Piling Kolektibong Karanasan ng Pakikiangkop sa Panahon ng Pagsasari

Araling Panlipunan · Answer Key · 13 Questions

1. Ano ang tawag sa penomeno kung saan nananatili sa kamay ng ilang makapangyarihang pamilya ang pamumuno sa maraming lalawigan at lungsod matapos makamit ng Pilipinas ang kalayaan?

A) Political Dynasty

B) Local Elitism

C) Demokratikong Pamamahala

D) Kamalayang Pilipino

2. Bakit mahalaga ang pag-aaral ng local elitism?

A) Upang malaman kung sino ang mga pinakamayayamang pamilya.

B) Upang maunawaan kung paano nakaaapekto ang distribusyon ng kapangyarihan sa pag-unlad ng komunidad at demokrasya.

C) Upang masuri ang kasaysayan ng mga digmaan sa Pilipinas.

D) Upang malaman ang mga pinakamahusay na paraan ng pag-unlad sa ekonomiya.

3. Ano ang kahulugan ng salitang 'elite' mula sa wikang Pranses?

A) Pinakamahihirap

B) Pinakamalakas

C) Pinili o pinakamataas

D) Pinakamayaman

4. Sa agham panlipunan, sino ang tinutukoy ng salitang 'elite'?

A) Ang pinakamaraming bilang ng mamamayan sa isang lipunan.

B) Ang malit na pangkat ng mga taong may malaking impluwensiya dahil sa kanilang yaman, edukasyon, koneksyon, atbp.

C) Ang mga pinuno ng militar at pulisya.

D) Ang mga pinakamahuhusay na manggagawa sa bawat industriya.

5. Sa panahon ng Espanyol, paano nagsimulang umusbong ang local elitism sa Pilipinas?

A) Sa pamamagitan ng pagpapakilala ng demokrasya.

B) Sa pagbibigay ng posisyon at pribilehiyo sa mga mayayamang Pilipino (principalia) ng mga Espanyol.

C) Dahil sa pag-aalsa ng mga ordinaryong mamamayan.

D) Sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga unibersidad.

6. Sa panahon ng Amerikano, paano nagpatuloy ang impluwensiya ng mayayamang pamilya sa pamahalaan?

A) Dahil sa pagpapakilala ng monarkiya.

B) Sila pa rin ang madalas na nahahalal dahil sa kanilang yaman, edukasyon, at koneksiyon.

C) Sa pamamagitan ng sapilitang pagkuha ng posisyon.

D) Dahil sila lamang ang may kakayahang magbasa at sumulat.

7. Ano ang isa sa mga karaniwang katangian ng local elitism noon at ngayon?

A) Ang pagbibigay ng pantay na pagkakataon sa lahat.

B) Malaki ang impluwensiya ng pangalan o apelyido ng pamilya.

C) Ang pagpili ng pinuno batay lamang sa kanilang kakayahan.

D) Ang pagbaba ng impluwensiya ng negosyo sa politika.

8. Bukod sa lupa, ano ang mga bagong salik na nagbibigay impluwensiya sa local elitism ngayon?

A) Pagsasaka at pangingisda

B) Social media, political machinery, at malalaking negosyo

C) Tradisyonal na mga seremonya

D) Pagiging tanyag sa mga lokal na pista

9. Ano ang ibig sabihin ng 'dinamiko' sa konteksto ng pamilya, estado, at kapangyarihan?

A) Ang pagbabago ng klima.

B) Ang ugnayan o pakikipag-ugnayan ng iba't ibang bahagi ng lipunan.

C) Ang paglaki ng populasyon.

D) Ang pag-unlad ng teknolohiya.

10. Ano ang pangunahing tungkulin ng estado?

A) Magbigay ng mga pribadong serbisyo.

B) Gumawa at magpatupad ng batas, protektahan ang karapatan, magbigay ng serbisyong pampubliko, at panatilihin ang kaayusan.

C) Magpatakbo ng mga negosyo para sa kita.

D) Mangolekta lamang ng buwis.

11. Ayon kay Max Weber, ano ang kapangyarihan?

A) Ang kakayahang mangolekta ng buwis.

B) Ang kakayahang impluwensiyahan ang kilos, pasiya, o pananaw ng iba, kahit may pagtutol.

C) Ang pagkakaroon ng maraming ari-arian.

D) Ang pagiging sikat sa media.

12. Ano ang negatibong paggamit ng kapangyarihan?

A) Mahusay na pamamahala at pantay na pagpapatupad ng batas.

B) Korapsyon, pang-aabuso sa kapangyarihan, at nepotismo.

C) Mabilis at maayos na serbisyo.

D) Pagpapaunlad ng komunidad.

13. Ano ang political dynasty?

A) Isang uri ng demokrasya.

B) Isang sitwasyon kung saan ang dalawa o higit pang magkakamag-anak ay magkakasunod o sabay-sabay na humahawak ng posisyon sa pamahalaan.

C) Ang pagtatatag ng mga bagong partido politikal.

D) Ang pagpapalit ng mga lider tuwing eleksyon.